*Mt. Zion Baptist Missions Philippines – Sermon Notes*
*March 19, 2017 Sun. PM – Missionary Bill Hardecker*

**Title**: Saan Ka Naroon? Ang Unang Tanong ng Diyos sa Tao.

**Text**: “And the LORD God called unto Adam, and said unto him, Where art thou?.” (Gen. 3:9)

> Translation: At ang PANGINOONG Dios ay tumawag kay Adam, at sinabi sa kanya, Saan ka naroon? (Genesis 3:9).

**Panimula**:

1. Nagkasala ang tao. Ito na ang pagsasakdal ng Diyos. Siya ay Diyos na Tapat at Makatwiran. At siya ang hukom ng langit at ng buong mundo.

2. Nakakagulat ang kanyang tanong.

3. Sa mensahe nating ngayong umaga ay meroon po tayong dalwang punto: Una: Ang Tanong mismo: Saan ka Naroon? At Pangalawa: Ang sagot ni Adam.

**I. Ang Tanong mismo – Saan ka Naroon?**: “Where are thou? (v.9a)

A. Ang tanong ay pamimintas o paninisi. Ang tanong ay hindi “kung nasaan ka” kundi patungkol po ito sa kanyang kalagayan. Ano nga naman ang kalagayan ng lahat ng mga sa Diyos ay nangagkasala?
   1. Malayo tayo sa lahat ng kabutihan at makakabuti sa atin.
   2. Na parito tayo sa gitna ng lahat ng kasamaan, at mga kalaban ng Diyos.
   3. Naging alipin tayo ni Satanas.
   4. Nalagay ang kaluluwa natin sa daang-bayan ng pagwawasak ng lubos-lubos.

B. Ito rin ay tanong ng pagmamahal at maginoo (mapagbigay-loob).
   1. Hinanap siya ng Diyos upang siya ay mabawi.
   2. Kung hindi siya hinanap ng Diyos, ano sa palagay nyo ang mangyayari sa kanila at saating lahat?
   3. Para siyang isang dakilang pastol ng mga tupa.
   4. Ayon sa Isaias 53:6 - Tayong lahat na gaya ng mga tupa ay naligaw; tayo ay tumungo bawa't isa sa kaniyang sariling daan; at ipinasan sa kaniya ng Panginoon ang kasamaan nating lahat.

**II. Ang Sagot ni Adam**: “And he said, I heard thy voice in the garden, and I was afraid,…” (v.10a)

A. “I was afraid” / “Ako ay natakot…” – Hindi siya nagmayari sa kanyang sariling pagkakasala. Takot siya pero hindi nya nararamdaman ang pagkakasala nya sa Diyos.

B. Takot kasi hubad at hindi siya handang humarap sa Panginoon.

C. Lahat po tayo ay katulad ni Adam, at gaya ni Adam, marami tayong pagkukulang sa Panginoong Diyos. Nakakahiya and ispiritual na pagkatao natin. Nakakatakot na harapin natin ang Panginoon.

**Katapusan**:

1. Salamat sa Diyos, gumawa ang Panginoon ng paraan kung saan hindi na tayo magtatago pa sa harap ng Panginoon. Bibigyan tayo ng damit ng katuwiran at kabanalan na galing lamang sa ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo.

2. Lumapit na po tayo sa Panginoon, sa pamamagitan ng pagsisisi at pananampalataya kay Jesu-Cristo, lamang. Ikaw, kaibigan, Saan ka naroon?